

PANIMULANG RITWAL

SOLEMNENG PAGPASOK NG MGA IKAKASAL

FR. JOEL: Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, + at ng Espiritu Santo.

BAYAN: Amen.

FR. JOEL: Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.

BAYAN: At sumaiyo rin.

FR. JOEL: Mga kaibigan, natitipon tayo rito ngayon upang ipagdiwang ang Banal na Eukaristiya at upang saksihan ang pag-iisang dibdib ng ating mga kaibigan na sina BIMBAY at BONG. Tiyakin natin sa kanila ang ating panalangin at tulong sa pagpapasimula nila ng buhay bilang mag-asawa. At bago natin pasimulan ang ating pagdiriwang, saglit tayong manahimik upang alalahanin na bahagi ng ating buhay ang pag-ibig, at humingi tayo ng tawad para sa mga pagkukulang natin sa pagmamahal. (*Sandaling katahimikan*)

BAYAN: Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala sa isip, sa salita, sa gawa, at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

FR. JOEL: Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

BAYAN: Amen.

FR. JOEL: Panginoon, kaawaan mo kami.

BAYAN: Panginoon, kaawaan mo kami.

FR. JOEL: Kristo, kaawaan mo kami.

BAYAN: Kristo, kaawaan mo kami.

FR. JOEL: Panginoon, kaawaan mo kami.

BAYAN: Panginoon, kaawaan mo kami.

FR. JOEL: Manalangin tayo. (*Tumigil sandali*)

Ama naming makapangyarihan, iyong itinalaga na ang pag-iisang-dibdib ay maging sagisag ng pag-ibig ni Kristo sa kanyang banal na Sambayanan. Sa pinagdurugtong na buhay nina BONG at BIMBAY na ngayo'y umaako sa banal na tipan ng kasal, nawa'y mangibabaw ang ipinahahayag nilang pagmamahalan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

BAYAN: Amen.

LITURHIYA NG SALITA NG DIYOS

UNANG PAGBASA

LEKTOR: Pagbasa gikan sa Awit ni Solomon.
(*Songs of Solomon 2: 8-10, 14, 16; 8: 6-7*)

Ang tingog sa akong hinigugma! ania karon, siya moanhi, Nagalukso-lukso sa kabukiran, Nagaulo-iniktin sa kabungtoran.

Ang akong hinigugma sama sa usa ka lagsaw kun sa usa ka osa nga nati: Ania karon, nagatindog siya luyo sa atong paril; Siya motan-aw sa sulod diha sa mga tamboanan; Siya molili sa tamboanan nga latis.

Ang akong hinigugma misulti, ug miingon kanako, Tindog gugma ko, maanyag ko, ug umari ka.

Oh salampati ko, nga anaa sa mga lungag sa bato, Sa kinasuokan sa dapit nga mahandig, Patan-awa ako sa imong dagway, Padungga ako sa imong tingog; Kay mananoy ang imong tingog, ug ang imong panagway matahum.

Ang akong hinigugma ako man, ug ako iya man; Nagapasibsib siya sa iyang panon sa karnero sa taliwala sa mga lirio.

Himoa ako nga ingon sa usa ka patik sa imong kasingkasing; Ingon sa usa ka patik sa imong bukton: Kay ang gugma kusganon sama sa kamatayon; Ang pangabugho mabangis ingon sa Sheol; Ang mga pangidlap niana mao gayud ang pangidlap sa kalayo, Ang siga gayud ni Yahweh.

Ang daghang mga tubig dili makapalong sa gugma, Ni ang mga baha makalumos niini; Kong ang usa ka tawo magahatag sa tanan niyang mga butang sa iyang balay alang sa gugma, Siya pagatamayon gayud.

Mao kini ang pulong sa Diyos.

BAYAN: Salamat sa Diyos.

TUGUNAN SA SALMO (Aawitin)

Ito Ang Araw

Based on Psalm 118

Musika by Arnel Aquino, SJ

Koro:

**Ito ang araw na ginawa ng Panginoon;
Tayo'y magsaya at magalak!**

Magpasalamat kayo sa Panginoon,
Butihin S'ya, Kanyang gawa'y walang hanggan.
Sabihin ng sambayanan ng Israel,
"Walang hanggan, Kanyang awa!" (*Koro*)

Kanang kamay ng Diyos sa 'ki'y humango.
Ang bisig N'ya sa 'kin ang tagapagtanggol.
Ako'y hindi mapapahamak kailanman.
Ipahahayag ko l'walhati N'ya (*Koro*)

Ang aking Panginoon, moog at buhay.
S'ya ang batong tinangihan ng tagapagtayo.
Kahanga-hanga sa aming mga mata,
Gawain N'ya; Purihin S'ya! (*Koro*)

Koda: Ito ang araw na ginawa ng Panginoon;
Tayo'y magsaya at magalak!

IKALAWANG PAGBASA

LEKTOR: A reading from the Letter of Paul to the Philippians .
(Philippians 4, 4-9)

Rejoice in the Lord always. I shall say it again: rejoice!

Your kindness should be known to all. The Lord is near.

Have no anxiety at all, but in everything, by prayer and petition, with
thanksgiving, make your requests known to God.

Then the peace of God that surpasses all understanding will guard your hearts
and minds in Christ Jesus.

Finally, brothers, whatever is true, whatever is honorable, whatever is just,
whatever is pure, whatever is lovely, whatever is gracious, if there is any
excellence and if there is anything worthy of praise, think about these things.

Keep on doing what you have learned and received and heard and seen in me.

Then the God of peace will be with you.

This is the word of God.

BAYAN: Thanks be to God.

ALLELUYA

Aleluya

Titik at Musika ni Manoling Francisco, SJ

Aleluya, Aleluya.
Wikain Mo,
Poon nakikinig ako
Sa Iyong mga Salita,
Aleluya, Alelu-Aleluya. (*uulitin*)

EBANGHELYO

FR. JOEL: Sumainyo ang Panginoon.

BAYAN: At sumaiyo rin.

FR. JOEL: Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay Juan (John 2, 1-11).

BAYAN: Papuri sa iyo, Panginoon.

¹Nang ikatlong araw ay nagkaroon ng kasalan sa Cana ng Galilea. Naroroon ang
ina ni Jesus. ²Si Jesus at ang kaniyang mga alagad ay inanyayahan din sa
kasalan. ³Nang magkulang ang alak, sinabi ng ina ni Jesus sa kaniya: Wala na
silang alak.

⁴Sinabi ni Jesus sa kaniya: Ginang, ano ang kinalaman ng bagay na ito sa akin
at sa iyo? Ang aking oras ay hindi pa dumarating.

⁵Sinabi ng kaniyang ina sa mga tagapaglingkod: Gawin ninyo ang anumang
sasabihin niya sa inyo. ⁶Mayroon doong anim na tapayang bato na nakalagay
alinsunod sa pagdadalisay ng mga Judio. Ang bawat isa ay maaaring maglaman
ng humigit-kumulang sa isang daang litrong tubig.

⁷Sinabi ni Jesus sa mga tagapaglingkod: Punuin ninyo ng tubig ang mga
tapayan. Kanilang pinuno ang mga ito hanggang sa labi.

⁸Sinabi niya sa kanila: Sumalok kayo ngayon at dalhin ninyo sa namamahala

ng handaan.

Kanilang dinala ito. ⁹Natikman ng namamahala ng handaan ang tubig na naging alak. Hindi niya alam kung saan ito nanggaling ngunit alam ng mga tagapaglingkod na sumalok ng tubig. Dahil dito, tinawag ng namamahala ng kapistahan ang lalaking ikinasal. ¹⁰Sinabi niya sa kaniya: Unang inihahain ng bawat tao ang mabuting alak. Ang mababang uri ay inihahain kapag marami na silang nainom. Ngunit itinabi mo ang mabuting alak hanggang ngayon.

¹¹Ang pasimulang ito ng mga tanda ay ginawa ni Jesus sa Cana ng Galilea at nahayag ang kaniyang kaluwalhatian. Ang kaniyang mga alagad ay sumampalataya sa kaniya.

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.

BAYAN: Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

HOMILYA

ANG PAGKAKASAL

[Sisindihan ang mga kandila]

FR. JOEL: Minamahal na BIMBAY at BONG, naririto kayo ngayon upang pagtibayin ang inyong pagmamahalan sa isang buklod na walang katapusan sa harap ng Santa Iglesya. Tinitiyak ko sa inyo na kayo'y ipagdarasal ng ating bayan upang basbasang masagana ng Diyos ang inyong pagmamahalan at tulungan kayong makatupad sa mga pananagutan ng may-asawa.

At kayo naman, mga kapatid na sumasaksi sa kasalang ito, ay aking pinakikiusapan na isama sa inyong mga panalangin ang mga ikinakasal na ito at tanggapin sila sa pamayanang Kristiyano.

PALITAN NG KONSENTIMIYENTO

FR. JOEL: BIMBAY at BONG, sabihin ninyo ngayon ang inyong paniniwala at ipahayag ang inyong mga pangako sa isa't isa.

[Magharap ang mga ikakasal.]

BIMBAY & BONG: Naniniwala kami na sa pamamagitan ng pinagbuklod naming pag-ibig sa isa't isa, kami ay nagpapatunay sa pagkakaisa ni Kristo sa kanyang Iglesya.

Naniniwala kami na kami ay nakalaan para sa isa't isa upang maging sagisag ng pagmamahal ni Kristo.

Naniniwala kami na tinawag kami upang ihatid ang bawat isa sa amin sa Diyos.

Naniniwala kami na tinawag kami upang itatag ang mag-anak ng Diyos dito sa lupa.

Naniniwala kami na nakalaan kaming ialay ang aming magiging mga anak sa paglilingkod sa Diyos at sa sangkatauhan.

[Habang magkahawak ang kanilang kanang kamay.]

BONG: Sa paniniwala ko sa mga ito, naparito ako nang kusang-loob at inihahandog ko nang buong puso ang aking sarili sa iyo, BIMBAY, upang maging tunay mong asawa alinsunod sa ipinag-uutos ng Santa Iglesyang ina natin.

BIMBAY: Tinatanggap kita bilang asawa. Tulad ng paniniwala mo, naparito ako nang kusang-loob at inihahandog ko nang buong-puso ang aking sarili sa iyo, BONG, upang maging tunay mong asawa alinsunod sa ipinag-uutos ng Santa Iglesyang ina natin.

BONG: Tinatanggap kita bilang asawa, BIMBAY.

BONG & BIMBAY: Ipagkaloob mo, Panginoon, na kami'y magkaisa ng puso at kaluluwa, mula ngayon, sa hirap at ginhawa, sa karamdaman at kalusugan, sa paghihikahos at kasaganaan, hanggang sa wakas ng aming buhay.

[Haharap sa mga tao ang mga ikinakasal.]

BONG & BIMBAY: Tinatawagan namin ang sambayanang Kristiyano upang magbigay-patunay sa aming pagbubuklod. Sa patunay ng sambayanang ito, iniaalay namin sa Diyos ang aming sarili bilang mag-asawa.

MGA NINONG & NINANG: Nasaksihan namin ang sumpaang nina BONG at BIMBAY sa isa't isa at sa Diyos sa sakramento ng kasal. Sa harap ng Diyos at ng sambayang ito, pinatutunayan namin na sina BONG at BIMBAY ay mag-asawa na ngayon.

FR. JOEL: At kayong lahat na nagsidalong sa kasalang ito, bilang patunay ng inyong pagsang-ayon sa kanilang pag-iisang dibdib, hinihiling ko ang inyong masigabong palakpakan. *[Palakpakan ng lahat.]*

[Maghaharap muli ang mga ikinakasal.]

FR. JOEL: Sa kapangyarihan ng Santa Iglesia at sa harap ng mga saksing naririto, pinagtibay ko at binabasban ang kasal ninyo, sa ngalan ng Ama, at ng Anak, + at ng Espiritu Santo.

BAYAN: Amen.

PAGBABASBAS SA MGA ARAS AT SINGSING

FR. JOEL: BONG at BIMBAY, babasban natin ngayon ang inyong mga aras at singsing.

FR. JOEL: Ang tumutulong sa atin ay ang Panginoon.

BAYAN: Na may gawa ng langit at lupa.

FR. JOEL: Manalangin tayo. *[Tumigil sandali.]*
Basban mo, + Panginoon, ang iyong mga lingkod na sina BONG at BIMBAY at pagkalooban silang masagana ng kabuhayan na nakalarawan sa mga aras na ito upang gamitin sa pagtatamo ng buhay na walang hanggan. Alang-alang kay Kristong aming Panginoon.

BAYAN: Amen.

FR. JOEL: Manalangin tayo. *[Tumigil sandali.]*
Basban mo, + Panginoon, ang mga singsing na ito upang ang iyong mga lingkod na sina BONG at BIMBAY na magsusuot nito ay magmahalan habang buhay at huwag magtaksil sa kanilang sumpa. Alang-alang kay Kristong aming Panginoon.

BAYAN: Amen.

[Wiwisikan ng bendita ang mga aras at singsing.]

ANG PAGBIBIGAY NG SINGSING AT ARAS

FR. JOEL: At ngayon, isuot ninyo ang singsing sa isa't isa.

BONG: BIMBAY, isuot mo ang singsing na ito, tanda ng aking pag-ibig at katapatan. Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.

BIMBAY: BONG, isuot mo ang singsing na ito, tanda ng aking pag-pag-ibig at katapatan. Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.

[Kukunin ni BONG ang mga aras sa dalawang kamay at ilalagay sa mga kamay ni BIMBAY, habang sinasabi:]

BONG: Ibinibigay ko sa iyo ang mga aras na ito, tanda ng aking pagsuyo sa iyo. Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.

BIMBAY: Tinatangap ko.

[Ilalagay ni BIMBAY ang mga aras sa lalagyan.]

PANALANGIN NG BAYAN

FR. JOEL: Mga minamahal, idalangin natin ang Santa Iglesia at ang bagong kasal nating mga kapatid, na ang kanilang pag-iisang-dibdib ay larawan ng pagkakaisa ni Kristo at ng Santa Iglesia. Pagkatapos ng bawat kahilingan, ating sabihin: ***Isinasamo namin, dinggin mo kami.***

LEKTOR: Para sa Santa Igleseyang laganap sa buong daigdig, para sa mga namumuno sa kanya at sa ating bayan, manalangin tayo sa Panginoon.

BAYAN: Isinasamo namin, dinggin mo kami.

LEKTOR: Para sa mga nahihirapan at maysakit at para sa lahat ng nagdurusa at namimighati, manalangin tayo sa Panginoon.

BAYAN: Isinasamo namin, dinggin mo kami.

LEKTOR: Para kina BIMBAY at BONG upang magkaisa sila sa puso at damdamin habang buhay, manalangin tayo sa Panginoon.

BAYAN: Isinasamo namin, dinggin mo kami.

LEKTOR: Upang sila'y ipag-adya ng Diyos sa masama, pagaanin ang kanilang mga kahirapan at palakasin sila sa mga pagsubok, manalangin tayo sa Panginoon.

BAYAN: Isinasamo namin, dinggin mo kami.

LEKTOR: Upang ang mga may-asawang naririto ay pagkalooban ng Diyos ng ibayong biyayang dulot ng sakramento ng kasal, manalangin tayo

sa Panginoon.

BAYAN: Isinasamo namin, dinggin mo kami.

FR. JOEL: O Diyos na walang hanggan at makapangyarihan, tunghayan mo nang buong awa ang iyong mga lingkod. Loobin mong magmahalan sila at maging tapat sa isa't isa habang buhay. Pagkatapos ng isang mahaba at banal na pamumuhay, nawa'y gantimpalaan mo sila ng kaligayahang walang hanggan, sampu ng kanilang magiging supling at ng lahat ng mahal sa kanila. Alang-alang kay Kristong aming Panginoon.

BAYAN: Amen.

LITURHIYA NG EUKARISTIYA

[Ilalagay ang belo at kordon sa mga ikakasal.]

PAGHAHANDA NG MGA ALAY

FR. JOEL: Kapuri-puri ka, Diyos Amang lumikha sa sanlibutan. Sa iyong kagandahang-loob, narito ang aming maiaalay. Mula sa lupa at bunga ng aming paggawa ang tinapay na ito upang maging pagkaing nagbibigay-buhay.

BAYAN: Kapuri-puri ang Poong Maykapal ngayon at kailan man!

FR. JOEL: Sa paghahalong ito ng alak at tubig, kami nawa'y makasalo sa pagka-Diyos ni Kristo na nagpagindapat makihati sa aming pagkatao.

Kapuri-puri ka, Diyos Amang lumikha sa sanlibutan. Sa iyong kagandahang-loob, narito ang aming maiaalay. Mula sa katas ng ubas at bunga ng aming paggawa ang tinapay na ito upang maging inuming nagbibigay ng iyong Espiritu.

BAYAN: Kapuri-puri ang Poong Maykapal ngayon at kailan man!

FR. JOEL: Diyos Amang lumikha, nakikiusap kaming mga makasalanan. Tanggapin mo ang aming pagsisisi bilang handog upang kami'y matutong sumunod sa iyo nang buong puso.

O Diyos kong minamahal, kasalanan ko'y hugasan at linisin mong lubusan ang nagawa kong pag suway.

Manalangin kayo, mga kapatid, upang ang paghahain natin ay kalugdan ng Diyos Amang makapangyarihan.

BAYAN: Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay, sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

FR. JOEL: Ama naming lumikha, iyong pagdamutan at tanggapin ang aming handog para sa pag-iisang-dibdib nina BIMBAY at BONG. Ang pag-ibig mong kanilang tinataglay ay loobin mong kanilang maihandog sa iyo sa kanilang pagmamahalan araw-araw sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

BAYAN: Amen.

PREPASYO

FR. JOEL: Sumainyo ang Panginoon.

BAYAN: At sumaiyo rin.

FR. JOEL: Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

BAYAN: Itinaas na namin sa Panginoon.

FR. JOEL: Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

BAYAN: Marapat na siya ay pasalamat.

FR. JOEL: Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay, ang iyong bagong tipan sa iyong sambayanan ay naghahain sa amin ng iyong buhay at pakikipag-ugnayan bilang mga kasalo sa iyong kadakilaang walang hanggan. Sa dakilang pag-ibig na hain ng iyong anak, pinagbubuklod mo ang mga magsing-ibig upang sa pagsasama habang panaho'y mailahad ang iyong katapatan at pagmamalasakit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

BAYAN: Santo, santo, santo, Panginoong Diyos na makapang-yarihan. Napupuno ang langit at lupa ng kaluwalhatian Mo. Osana sa kaitaasan. Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.

PANALANGIN NG PAGPUPURI AT PASASALAMAT II

FR. JOEL: Ama naming banal, ikaw ang bukal ng tanang kabanalan. Kaya't sa pamamagitan ng iyong Espiritu, gawin mong banal ang mga kaloob na ito upang para sa ami'y maging Katawan at Dugo + ng aming Panginoon Hesukristo.

Bago niya pinagtiisang kusang-loob na maging handog, hinawakan niya ang tinapay, pinasalamatan ka niya, pinaghati-hati niya iyon, iniabot sa kanyang mga alagad at sinabi:

Tanggapin ninyong lahat ito at kanin:

Ito ang aking katawan na ihahandog para sa inyo.

Gayon din naman, noong matapos ang hapunan, hinawakan niya ang kalis, muli ka niyang pinasalamatan, iniabot niya ang kalis sa kanyang mga alagad at sinabi:

Tanggapin ninyong lahat ito at inumin:

Ito ang kalis ng aking dugo

***ng bago at walang hanggang tipan,
ang aking dugo na ibubuhos para sa inyo
at para sa lahat***

sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.

Gawin ninyo ito sa pag-alaala sa akin.

FR. JOEL: Ipagbunyi natin ang misteryo ng pananampalataya.

BAYAN: Si Kristo'y namatay! Si Kristo'y nabuhay! Si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon!

FR. JOEL: Ama, ginagawa namin ngayon ang pag-alala sa pagkamatay at muling pagkabuhay ng iyong Anak, kaya't iniaalay namin sa iyo ang tinapay na nagbibigay-buhay at ang kalis na nagkakaloob ng kaligtasan. Kami'y nagpapasalamat dahil kami'y iyong minarapat na tumayo sa harap upang maglingkod sa iyo.

Isinasamo naming kaming magsasalu-salo sa Katawan at Dugo ni Kristo ay mabuklod sa pagkakaisa sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Ama, lingapin mo ang iyong Simbahang laganap sa buong daigdig. Puspusin mo kami sa pag-ibig kaisa ni Juan Pablo na aming Papa at ni Fernando na aming obispo at ng tanang kaparian.

Alalahanin mo rin ang mga kapatid naming nahimlay nang may pag-asang sila'y muling mabubuhay, gayon din ang lahat ng mga pumanaw. Kaawaan mo sila at patuluyin sa iyong kaliwanagan. Kaawaan mo at pagindapatin kaming lahat na makasalo sa iyong buhay na walang wakas. Kaisa ng Mahal na Birheng Maria na Ina ng Diyos, kaisa ng mga apostol at ng lahat ng mga banal na namuhay dito sa daigdig nang kalugud-lugod sa iyo, maipagdiwang nawa namin ang pagpupuri sa ikararangal mo, sa pamamagitan ng iyong Anak na aming Panginoong Hesukristo.

Sa pamamagitan ni Kristo, kasama niya at sa kanya, ang lahat ng parangal at papuri ay sa iyo, Diyos Amang makapangyarihan, kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

BAYAN: Amen.

FR. JOEL: Sa tagubilin ng mga nakagagaling na utos at turo ni Hesus na Panginoon natin at Diyos, ipahayag natin nang lakas-loob:

BAYAN: Ama namin, sumasalangit ka. Sambahin ang ngalan mo. Mapasaamin ang kaharian mo. Sundin ang loob mo dito sa lupa para nang sa langit. Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw. At patawarin mo ang aming mga sala para nang pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin. At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso at iadya mo kami sa lahat ng masama.

PAGPAPANALANGIN SA MAG-ASAWA (*Bendisyong Nupsial*)

FR. JOEL: Mga kapatid, halina't hilinging pagpalain ng Poong Maykapal ang pag-iisang-dibdib nina BIMBAY at BONG upang pamalagiin niya silang magkasukob sa wagas na pag-ibig yayamang ang kanyang Espiritu Santo ang nagbibigkis sa kanilang puso.

[Itataas ng Pari ang kanyang mga kamay na lulukob sa mag-asawa, habang sinasabi:]

Ama naming makapangyarihan, sa iyong kagandahang-loob, nilikha mo ang sanlibutan at nilalang mo ang tao na iyong kawangis.

Nilooob mo na ang lalaki at babae ay magdaup-palad at magkaisa sa puso at loobin. Itinalaga mo na ang mag-asawang iyong pinagtali ay huwag kailanman paghiwalayin.

Ama naming mapagmahal, ipinasya mo na ang pag-iisang-dibdib

ay maging banal na sakramento na siyang kababanaagan ng pag-iisang puso ni Kristo at ng kanyang banal na Sambayanan.

Ama naming mapagmalasakit, pinagbuklod mo ang lalaki at babae at niloob mong ang pag-iisang-dibdib ay huwag magapi ng kasalanang mana at huwag maglaho sa unang paggunaw sa sanlibutan.

Magiliw mong tunghayan ang babaeng ito, ang iyong anak na naging kabuklod ngayon sa banal na tipan. Bilang pagtugon sa kanyang kahilingan, gawaran mo siya ng pagpapala ng pag-ibig at kapayapaan sa buhay. Matularan nawa niya ang mga banal na babae na ipinagkakapuri sa Banal na Kasulatan.

Nawa'y pagtiwalaan siya ng kanyang asawa at ituring siyang kapantay at kapwa tagapagmana sa buhay na walang hanggan. Lagi nawa siyang igalang at mahalina tulad ng ginagawang pagmamalasakit ni Kristo sa banal niyang Sambayanan.

Ama naming matapat, nawa'y sundin nilang lagi ang iyong kalooban. Nawa'y manatili silang tapat sa banal na tipan at maging katibayan nawa sila ng katapatan ni Kristo sa sanlibutan.

Makintal nawa sa kanilang puso at diwa ang Banal na Aral. Lukuban nawa sila ng iyong Espiritu upang manatili silang masigla sa kanilang pagmamahalan. Gawin mo silang huwaran ng mga ipagkakaloob mong mga supling at nawa'y maipadama pa nila sa kanilang mga apo ang alab ng kanilang paglingap. Maging maligaya nawa sila sa lahat ng mga araw ng kanilang mahabang buhay, at sa wakas, Amang mapagkalinga, akayin mo sila sa buhay na walang katapusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

BAYAN: Amen.

FR. JOEL: Panginoong Hesukristo, sinabi mo sa iyong mga Apostol: "Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ipinagkakaloob ko sa inyo." Tunghayan mo ang aming pananampalataya at huwag ang aming mga pagkakasala. Pagkalooban mo kami ng kapayapaan at pagkakaisa ayon sa iyong kalooban kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

BAYAN: Amen.

FR. JOEL: Ang kapayapaan ng Panginoon ay laging sumainyo.

BAYAN: At sumaiyo rin.

FR. JOEL: Magbigayan kayo ng kapayapaan sa isa't isa.

[Pagkatapos ng pagbati ng kapayapaan, hahatiin ng Pari ang ostiya habang sinasabi:]

FR. JOEL: Sa pagsasawak na ito ng Katawan sa Dugo ng aming Panginoong Hesukristo, tanggapin nawa namin sa pakikinabang ang buhay na walang hanggan.

Kordero ng Diyos

Musika ni Manoling Francisco SJ

Kordero ng Diyos na nag-aalis
Ng mga kasalanan ng mundo,
Maawa Ka sa amin.
Kordero ng Diyos, maawa ka. (*ulitin*)

Kordero ng Diyos na nag-aalis
Ng mga kasalanan ng mundo,
Ipagkaloob Mo sa amin
Ang kapayapaan.

FR. JOEL: Ang pakikinabang sa Katawan at Dugo mo, Panginoong Hesukristo, ay huwag magdulot ng paghuhukom at parusa sa kasalanan ko. Alang-alang sa iyong dakilang pag-ibig, nawa'y aking matanggap ang pagkukup mo sa akin at kaloob mong lunas.

[Itataas ng Pari ang ostiya at ang kalis habang sinasabi:]

Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

BAYAN: Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo, ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

FR. JOEL: Ipagsanggalang nawa ako ng Katawan at Dugo ni Kristo para sa buhay na walang hanggan.

KOMUNYON NG BAGONG KASAL AT NG BAYAN

Sa 'Yo Lamang

Philip Gan, SJ, Silvino Borres, SJ, Manoling Francisco, SJ

Puso ko'y binihag Mo, sa tamis ng pagsuyo
Tanggapin yaring alay; ako'y iyo habang buhay.

Anhin pa ang kayamanan, luho at karangalan?
Kung Ika'y mapasa'kin, lahat na nga ay kakamtin.

Refrain:

Sa 'Yo lamang ang puso ko;
Sa 'Yo lamang ang buhay ko.
Kalinisan, pagdaralita, pagtalima, aking sumpa.

Tangan kong kalooban, sa Iyo'y nilalaan
Dahil atas ng pagsuyo, tumalima lamang sa 'Yo. (*refrain*)

PANALANGIN NG PASASALAMAT

BONG & BIMBAY: O Diyos na aming Ama, pinagbuklod at pinagtibay namin ang aming pag-ibig sa iyong harapan sa sakramento ng kasal. Hinihiling namin na basbasan mo ang aming buhay bilang mag-asawa; ipagkaloob mo sa amin ang biyaya upang maging manatili kaming tapat sa isa't isa, at ang biyaya ng bukas-palad na pagmamahal.

BONG: Panginoon, tulungan mo akong maging isang mabuting asawa at ama; palakasin at gawin mong tapat ang pagmamahal ko sa aking asawa, si BIMBAY, at panatiliin mong lagi kaming malapit sa iyo.

BIMBAY: Panginoon, tulungan mo akong di magkulang sa pagmamahal at pagbibigay-sigla sa akingasawa, si BONG. Panatiliin mokaming mamuhay sa liwanag ng iyong pagmamahal.

BONG & BIMBAY: Maraming salamat, Panginoon, sa pagbuklod mo sa amin sa pag-ibig. Mula sa pagdiriwang ng Banal ng Eukaristiyang ito, pasisimulan namin ang aming buhay bilang mag-asawa; turuan mo kaming ibigin at itangi ang bawat isa sa amin nang higit sa araw-araw. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

PANALANGIN PAGKATAPOS NG KOMUNYON

FR. JOEL: Manalangin tayo. [*Tumigil sandali*]
Panginoon, dahil sa iyong pag-ibig, ibinigay mo sa amin ang Eukaristiyang ito upang pag-isahin kami sa isa't isa at sa iyo. Yayamang pinag-isa mo sina BONG at BIMBAY sa sakramento ng kasal at sa pakikinabang ng tinapay at alak, pag-isahin mo rin sila ngayon sa pag-ibig at paglilingkod sa isa't isa. Alang-alang kay Kristong aming Panginoon.

BAYAN: Amen.

[*Aalisin ang kordon at ang belo sa mga ikinasal.*]

KATAPUSANG SEREMONYA

FR. JOEL: BONG at BIMBAY, yayamang natanggap na ninyo ang sakramento ng kasal, ang aking ipinagtatagubilin sa inyo ay maging tapat kayo sa isa't isa.

BIMBAY, ibigin mo ang iyong asawa at sikaping pangalagaan ang iyong mag-anak. Manatili sa pananampalataya, sa pag-ibig ng Diyos at sa kapwa, at magpakabanal.

BONG, mahalín mo ang iyong asawa tulad ng pagmamahal ni Kristo sa Santa Iglesia. Sa inyong magkasamang pamumuhay, itanim sa iyong puso ang banal na pagkatakot sa Diyos.

FR. JOEL: Sumainyo ang Panginoon.

BAYAN: At sumaiyo rin.

FR. JOEL: Nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon sa kanyang mga pangungusap.

BAYAN: Amen.

FR. JOEL: Pag-isahin niya ang inyong mga puso sa buklod ng dalisay na pag-ibig habang kayo'y nabubuhay.

BAYAN: Amen.

FR. JOEL: Nawa'y maging mapalad kayo sa inyong mga anak at suklian nang makasandaan ang inyong pagmamahal sa kanila. Mamalagi ang kapayapaan ni Kristo sa inyong mga puso at mag-anak; magkaroon kayo ng mga kaibigang tutulong sa inyo sa hirap at ginhawa.

BAYAN: Amen.

FR. JOEL: Saklolohan ninyo at aliwin ang sa inyo ay magmamakaawa. Tanggapin ninyo ang ipinangako ng Panginoon sa mga nagdadalang-awa.

BAYAN: Amen.

FR. JOEL: Nawa'y pagpalain ng Maykapal ang inyong mga gawain at matamasa ang bunga ng inyong pinagpaguran. Sa inyong

pagkabalisa sa kabuhayan ay huwag sana kayong maligalig at huwag padala sa malabis na paghahangad ng kayamanan. Sa halip ay laging sikaping makapag-impok ng kayamanang di lumilipas sa langit.

BAYAN: Amen.

FR. JOEL: Palawigin ng Diyos ang inyong buhay, upang matamo ang masaganang bunga na dulot ng isang matuwid na pamumuhay at matapos na paglingkuran Siya nang buong pag-ibig sa lupa ay makamit ninyo ang buhay na walang hanggan sa kabila, sa piling ng ating Amang nasa langit.

BAYAN: Amen.

FR. JOEL: At pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, at Anak, + at Espiritu Santo.

BAYAN: Amen.

FR. JOEL: Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon at ang kapwa ay mahalín at paglingkuran.

BAYAN: Salamat sa Diyos.

We've Only Just Begun

Lyrics and melody by Paul Williams - Roger Nichols

We've only just begun ... to live.
White lace and promises,
A kiss for luck and we're on our way.
Before the rising sun ... we fly.
So many roads to choose,
We start out walking and learn to run.
And yes, we've just begun.

Refrain:

Sharing horizons that are new to us,
Watching the signs along the way,
Talking it over just the two of us,
Working together day to day,

And when the evening comes, we smile,
So much of life ahead.
We'll find a place where there's room to grow.
And yes, we've just begun ... to live.

We've only begun.